



Oslo kommune

# Kindergarten sa Oslo

Ang Kindergarten ay isang pang-araw-araw na alok na pang-edukasyon para sa mga batang may edad na 0-6 na taon.

Ang Kindergarten ay ang unang yugto ng isang pang-edukasyon na landas, at mahalaga upang maihanda ang mga bata para sa pagsisimula sa paaralan.

Sa kindergarten ang mga bata ay pinangangalagaan ng husto ng mga maarugang matatanda. Ang mga bata ay pinapayagang maglaro at lumahok sa iba't ibang mga gawain habang nag-aaral ng Norwego.

Ang mga oras ng bukas ng mga kindergarten ng munisipyo ay 07.30-17.00.

## Kailan magsisimula ang isang bata sa kindergarten?

Karamihan ng kindergarten ay tumanggap ng mga bata na 10 buwan o higit pa. Kung kailangan mo ng lugar sa kindergarten para sa mas nakabatang bata, ang Kristent Interkulturelt Arbeid (KIA) sa downtown Oslo ay isang alternatibo. Maaari ditong sumali ang mga bata na magmula sa edad na 3 buwan.

## Magkano ang gagastusin upang ipasok ang bata sa kindergarten?

Hindi lalampas ng NOK 2730 bawat buwan ang presyo ng kindergarten. Kung mababa ang iyong kita o may iba ka pang mga anak sa kindergarten bibigyan ka ng mababa na presyo. Ang iba ay may karapatan ding makapasok ng libre sa kindergarten.

Maaari mong makita kung magkano ang iyong babayaran sa kindergarten sa website ng munisipyo: [www.oslo.kommune.no/barnehage/pris-og-betaling](http://www.oslo.kommune.no/barnehage/pris-og-betaling)

Sa kindergarten ng KIA binabatay ang presyo ayon sa haba ng pananatili.

## Mag-apply sa kindergarten

Ang deadline sa pag-apply ay Marso 1. Kung nag-apply ka bago ang deadline at ang edad ng iyong anak ay 1 taon o higit pa sa Nobyembre ng parehong taon, ikaw ay mabibigyan ng lugar sa kindergarten na mag-uumpisa mula Agosto-Nobyembre. Maari kang mag-apply paglipas ng deadline ngunit maaaring matagalan bago ka mabigyan ng lugar

Sa kindergarten ng KIA ay maari kang mag-apply ng lugar sa kindergarten kahit kailan sa buong taon

Ang web page ng munisipyo ay may listahan ng mga kindergarten at kung saan sila matatagpuan. Mababasa rin dito ang tungkol sa iba't ibang mga kindergarten na ito, gaya ng oras ng pagbubukas, at kung gaano katanda dapat ang mga bata bago ito makakuha lugar sa tinutukoy na kindergarten

[www.oslo.kommune.no/barnehage](http://www.oslo.kommune.no/barnehage)

Maaari kang mag-apply para sa kindergarten sa pamamagitan ng website ng munisipyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-aaplay maaari kang makipag-ugnay sa tanggapan ng serbisyo sa iyong distrito..

